

Q&A tungkol sa konsultasyon

Q Sino ang sasagot sa konsultasyon?

A Ang abogado ng "Legal Consultation Room for Foreigners" ng "Migrant Worker Research Group" ang sasasagot sa inyong mga katanungan, ng may pananagutan.

Q Maaari ba akong kumonsulta sa wikang banyaga?

A Maaari kayong kumonsulta sa Wikang Tsino (Mandarin), Portuges, Espanyol, Tagalog, Vietnamese at Ingles.

Kung nais ninyong kumonsulta sa wikang banyaga, ① Sabihin muna sa telepono ang inyong pangalan, telepono at wikang nais. ②Tatawagan kayo ng aming interpreter sa loob ng mga ilang araw. Ikuwento po ninyo ang inyong problema sa interpreter. ③ Pag-aaralan ang inyong problema ng aming abogado at tatawagan kayo ulit ng interpreter sa loob ng isang linggo para ipaliwanag kung ano ang sagot ng abogado.

Q Magkano ang konsultasyon?

A Walang bayad ang unang konsultasyon sa telepono. Maaari kayong singilin ng consultation fee at interpretation fee kung kumonsulta ng personal.

Q Kompidensyal ba ang mga isasaad sa konsultasyon?

A Oo. Ang pagiging kompidensyal ng lahat ng kinonsulta ay mahigpit na sinusunod. Ang abogado sa bansang Hapon ay may repsonsibilidad sa batas upang protektahan ang pagiging kompidensyal kaya walang makakalabas na anumang nilalaman ng konsultasyon.

Q Maaari bang humiling ng abogado?

A Kung kailangan ang legal na paraan upang mai-ayos ang inyong problema, maaari kayong humiling ng abogado. Kung mahirap maitalaga ang abogado ng aming grupo dahil nasa malayong lugar kayo, maaari kaming magpakilala ng abogado o labor union malapit sa inyong lugar.

Phone number

Osaka 06-4708-3631

Nagoya 052-414-5971

Maaari po kayong tumawag mula 10:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, mula Lunes hanggang Biyernes. (Sarado ang opisina tuwing Sabado, Linggo at piyesta opisyal).

Ano ang Migrant Worker Research Group?

Ang Migrant Worker Research Group ay isang grupo ng mga abogado, taga-labor union, mananaliksik, at interpreters na tumutugon sa mga problema ng mga dayuhang mangagawa. Tumutulong sa mga dayuhang manggagawa at nananaliksik din sa mga problema na may kinalaman sa mga dayuhang mangagawa.

Ang mga abogado ng grupo ay bihasa sa mga kaso na may kaugnayan sa mga dayuhan, nagbibigay ng payo matapos mapakinggan ang inyong problema, humahawak ng mga kasong isasampa at nagpapakilala ng organisasyon at ahensiya batay sa pangangailangan ng kaso.



Migrant Worker Reserch Group
Atty. Hisanori Shitaka
(Membro ng Osaka Bar Association)

〒541-0046

6th Floor, Hiranomachi Lagar Bldg.

2-6-13, Hiranomachi, Osaka-city

Shikata Law Office

Phone No. 06-4708-3631

E-mail office@migrant-worker.org

Migrant Worker
Research Group

マイグラント
研究会

May mga problema
na hindi mabibigyan
ng solusyon mag-isa!

Legal
na Konsultasyon
para
sa mga dayuhan

<http://migrant-worker.org>

Maaari po kayong kumonsulta sa amin para sa mga sumusunod na problema.

Hindi binabayaran ng kompanya ang bayad sa overtime.

Q) Ako po ay nagtatrabaho ng 11 oras sa isang araw at 6 na araw sa isang linggo. Pero hindi akong binabayaran ng overtime. (Isang tagaluto na si Mr.A)

A) Maaari kayong tumanggap ng 1.25 doble, ng dagdag na sahod kapag nagtatrabaho kayo ng mas mahigit sa 8 oras sa isang araw at mas mahigit ng 40 oras sa isang linggo. Kailangan po ninyo ang pagpapatunay kung ilang oras kayong nagtatrabaho. Ang time card o inyong note ay maaaring maging patunay nito. Mawawala ang inyong karapatan na maghabol ng kakulangang sahod pagkatapos ng 2 taon mula sa araw ng sahod ng bawat buwan, kaya kailangang maghain agad ng paghahabol sa lalong madaling panahon.

Nasugatan habang nagtatrabaho.

Q) Naputol ang tatlo kong darili dahil naipit ang mga ito sa isang press machine. Binayaran ako ng kompanya ng pambayad para sa pagpapagamot sa ospital pero iyon lamang ang kanilang ginawa para sa akin. (Isang trainee na si Mr. B)

A) Maliban sa pambayad para sa pagpapagamot sa ospital, makakatanggap din kayo ng 80 % ng suweldo habang hindi kayong nakakapasok sa trabaho. Makakatanggap din ng pensyon o lamp-sum payment bilang kompensasyon para sa magiging epekto ng sugat kapag naghain sa Rosai Hoken (Worker's accident compensation insurance). Maaari din po kayong maghain ng demanda laban sa kompanya para sa kompensasyon para sa pinsala. Minumungkahi namin na kumuha kayo ng abogado.

Pagkamatay dahil sa sobrang trabaho

Q) Ang tatay ko ay biglang namatay dahil sa atake sa puso (cardiac failure), pagkatapos niyang mag-over time hanggang gabi araw-araw at nagtatrabaho kahit Sabado at Linggo. (Ang naulilang pamilya ni Mr. C na nagtatrabaho sa isang pabrika.)

A) Kapag ang manggagawa ay nag-overtime ng mahigit 80 oras sa loob ng isang buwan, nagtatrabaho sa araw ng piyesta opisyal, at namatay dahil sa sakit sa puso o utak, ang sobrang pagtatrabaho ang maaaring dahilan ng kanyang ikinamatay. Kung ito ay kinilala ng Rousai Hoken (workers' accident compensation insurance), makakatanggap kayo ng survivor's pension mula sa Rousai Hoken. Maaari ding maghain ng kaso laban sa kompanya. Detalyado ang batayan para sa pag-aaprubang rousai (kaso na may kauganayan sa trabaho) at kailangang maglikom ng mga katibayan na magpapatunay kung ilang oras siyang nagtatrabaho. Minumungkahi namin na kumuha kayo ng abogado.

Tinanggal ako sa trabaho.

Q) Ang visa ko ay "Specialist in Humanities/International Affairs" at nagtatrabaho sa kasalukuyan, subalit bigla akong sinabihan ng kompanya na tatanggalin ako dalawang buwan bago matapos ang aking visa. (Nagtatrabaho si Ms. D sa isang trading company)

A) Sa inyong kasalukuyang kalagayan, hindi kayo puwedeng magtatrabaho para kumita, at hindi rin makakapag-extend ng inyong visa. Dahil dito, mabuti na magtukoy ng abogado at magsampa ng kaso para sa "petition for provisional ruling for maintenance status" o "labor tribunal," na magbibigay ng mabilis na desisyon sa maikling panahon. At kung makapaghanap naman kayo ng bagong trabaho, isang paraan din ay ang makipagkasunduan sa kompanya upang payagan na lamang nila kayong magbitiw sa trabaho imbes na tumanggap ng salapi para sa pag-aayos.

Aksidente ng sasakyan

Q) Namatay ang anak ko dahil nabangga ng sasakyan. (Ang naulilang pamilya ni Mr. E, isang dayuhang mag-aaral)

A) Kung pansamantala lang ang pananatili ng isang dayuhan sa bansang Hapon, maaaring magkaiba ang sistema ng pagkwenta ng kompensasyon kumpara sa mamamayang Hapon, at kung namatay, kailangan ayusin kung sino ang maaaring makatanggap ng kompensasyon at aling bansa ang pagbabatayan para sa kasong ito. Mas mabuti na kumuha kayo ng abogado na bihasa sa kaso ng mga dayuhan para sa negosasyon at pagsasampa ng demanda.

Gusto kong makipag diborsyo sa asawa kong Hapon.

Q) Balak kong makipag diborsyo sa asawa kong Hapon. Mayroon kaming isang taong gulang na anak at gusto kong manatili kasama ang aking anak upang mamuhay dito sa bansang Hapon. (Ms. F na may spouse visa)

A) Upang manatili sa bansang Hapon pagkatapos ng inyong diborsyo, kailangan ay may kakayahan upang maitaguyod ang pamumuhay ng sarili, kakayahan na magpalaki ng inyong anak sa asawang Hapon, at mayroong trabaho, ang mahahalagang salik upang makuha ang karapatan sa pangangalaga ng inyong anak. Kapag ang mga dayuhan ay nagdiborsyo, kailangang kumonsulta sa mga abogado na bihasa sa mga problema ng mga dayuhan at maghanda ng mabuti dahil may mga problema na may kaugnayan sa pananatili at usaping batas.

Bukod sa naipakilalang mga kaso ng paggawa (tulad ng hindi nababayaran sahod, aksidente sa trabaho, hindi tamang paraan ng pagtanggap sa trabaho, problema ng trainees), aksidente, kasong pantahanan (tulad ng diborsyo, karapatan sa pangangalaga ng anak), maaari din po kayong kumonsulta tungkol sa mga problemang may kaugnayan sa pera, kontrata, negosyo at iba pa. Kami po ay tumatanggap ng konsultasyon sa anumang problema sa batas na kinaharap ng mga dayuhang residente.